



## Pag-IBIG Fund, katuwang ng bawat bayaning Pilipino sa mas magandang kinabukasan



*Sa Pag-IBIG  
ang miyembrong tapat,  
benepisyo ay sapat*

**Karaniwang babae ang Pilipinong nagtatrabaho bilang kasambahay sa ibang bansa** lalo na sa bahagi ng Gitnang Silangan. Subalit kung ikaw ay magagawi sa bandang Europa, partikular na sa Italya, ang mga *operaio* kung tawagin ay hindi lamang mga kababaihan kundi mga kalalakhian din.

Kabilang dito si G. Jose Yabut Cortez na mas kilala sa tawag na “Nomer” ng kanyang pamilya at mga kaibigan. Tubong Macabebe, Pampanga, si Nomer ay nangibang bansa noong 1994 kasama ang kanyang maybahay sa paghahangad ng mas magandang buhay para sa kanilang pamilya. Makalipas ang tatlong taon ng kanilang pakikipagsapalaran sa Italya, biniyayaan ang mag asawa ng isang anak na babae, na nasundan ng isa pang anak na lalaki.

Sa hindi inaasahan, ang dapat sana ay katuwang sa buhay na kabiyak ay iniwan si Nomer nang ito ay mamatay sa sakit na breast cancer noong 2007. Sa kasalukuyan, mag-isang itinataguyod ni Nomer ang kanyang dalawang anak na pawang nagsisipag-aral sa Italya.

Sa pagkamatay ng kanyang asawa, nagpasiya si Nomer na seryosohin ang pag iimpok upang hindi maputol ang pag-aaral ang kanyang mga anak. Kung kaya't noon ding 2007 ay naging miyembro siya ng Pag-IBIG Overseas Program (POP) na noon ay isa pa lamang boluntaryong programa para sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.

Sa halagang 100 euro kada buwan, siya ay nakatanggap kamakailan sa Pag-IBIG Fund ng tseke na nagkakahalaga ng ilang daang libong piso. (Sa pakiusap ni Nomer, ang eksaktong halaga na kanyang nakuha ay hindi na babanggitin sa *kuwentong ito*.)

Si Nomer ay bumilang na ng halos 19 na taon sa Italya. Sa edad na 53, nais pa rin niyang ipagpatuloy ang pag-iimpok hanggang sa siya ay magretiro sa edad na 60. Aniya, siya ay magtataas ng kanyang buwanang impok sa ilalim ng Pag-IBIG I sapagkat naniniwala siyang mas kikita ang kanyang pera dito.

Sa panayam ng Overseas Operations Department kay Nomer, ipinaabot niya ang kanyang pasasalamat sa Pag-IBIG dahil sa tulong na naibigay nito sa kanya. Paliwanag niya, maaaring sariling pera niya ang ibinalik ng Pag-IBIG subalit ang kumita ito nang maganda at maibalik ang kanyang inipon sa tamang panahon at nang higit pa sa inaasahan ay naging malaking tulong sa kanyang pamilya.

Tulad ng iba pang OFWs na nagtiwala at hindi nabigo sa Pag-IBIG, hinihikayat ni Nomer ang mga tulad niya na paghandaan ang kinabukasan ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng regular o tuloy-tuloy na pag-iimpok. Sapagkat sa Pag-IBIG, ang miyembrong tapat, benepisyo ay sapat.



*Si G. Cortez na tumanggap ng kaniyang tseke mula kay Bb. Jejecristi Garcia, Pag-IBIG Information Officer sa Milan, Italya.*